

# TIPID KA SA ABONONG SWAK!



Maaaring makatipid ng  
**P2,000-P4,000**  
bawat ektarya



# 1

### GUMAMIT NG ORGANIKO AT INORGANIKONG PATABA. HUWAG INORGANIKONG PATABA LANG.

Maaaring makatipid ng P2,000 hanggang P4,000 bawat ektarya sa paggamit ng pinaghalong organiko at inorganikong pataba.

# 2

### PILIIN ANG "COMBO" NA SWAK SA INYO.

Mamili ng tamang dami ng organiko at inorganikong pataba depende sa target na dami ng ani at badyet.

# 3

### SUBUKAN DIN ANG LCC, MOET, RCMAS, O STK BILANG GABAY SA PAG-ABONO

Alamin ang tamang kombinasyon, uri, at tyempo ng pagpapataba sa pamamagitan ng mga *decision-tools* na maaaring i-download sa *cellphone*:

#### Leaf Color Chart/Computing (LCC) App.

Inihahambing ang dahon sa mga kulay sa LCC ruler upang malaman kung kailangan nang maglagay ng nitroheno sa palay.

Sa LCC App, natutuos ang kailangang nitroheno gamit ang mga litrato ng dahon ng palay;

#### Minus-One-Element Technique (MOET) Kit at MOET App.

Natutukoy ang kulang na sustansiya gamit ang eksperimento sa lupang nasa paso na ginamitan ng iba't-ibang pormulasyon ng pataba. MOET App naman ang magtutuos ng uri, dami, at tyempo ng paglalagay ng pataba;


#### Rice Crop Manager Advisory Service (RCMAS).

Sa pagsagot sa mga katanungan sa pagpapalayan gamit ang *cellphone* o *computer*, ito ay nakapagrerekomenda ng tamang dami, uri, at tyempo ng paglalagay ng pataba.

#### Soil Test Kit (STK)

Mabilis na paraan sa pagtukoy ng *soil health* at pagtugon sa kaukulang sustansyang kinakailangan ng lupa ayon sa pananim.

## Yugto ng Paglaki ng Palay



## Rekomendasyon sa Pag-aabono\*

Tiyempo	Combo 1 ani: 3,000-4,000kg	Combo 2 ani: 5,000-6,000kg	Combo 3 ani: 7,000-8,000kg
30 araw bago maglipat-tanim	3,000-4,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin	5,000-6,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin	7,000-8,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin
14 araw bago maglipat-tanim	10 sako pinatuyo sa hangin na dumi ng manok, komersyal na organikong pataba o <i>vermicompost</i>		
Punlaan 7-10 DAS	-	Ihalo sa punlaan: 1-2 kilo zinc sulfite	
Punlaan 10-14 DAS	-	2-4 kilo 14-14-14	
<b>PARA SA BARAYTING 100-110 ARAW ANG PAGGULANG</b>			
Unang pagpapataba habang lumalaki: (0-14DAT o 10-14DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	2 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (18-22DAT o 24-28DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglililihi (28-32DAT o 38-42DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 0.5 bag 0-0-60
<b>PARA SA BARAYTING 111-120 ARAW ANG PAGGULANG</b>			
Unang pagpapataba habang lumalaki (0-14 DAT o 10-14DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	2 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (22-26 DAT o 32-36DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglililihi (32-36 DAT o 48-53DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 0.5 bag 0-0-60
<b>PARA SA BARAYTING 121-130 ARAW ANG PAGGULANG</b>			
Unang pagpapataba habang lumalaki: (0-14 DAT o 10-14DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	2 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (26-31 DAT o 36-40DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglililihi (36-40 DAT o 58-62DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 0.5 bag 0-0-60

DAS- Days after sowing o araw pagkasabog-tanim o pagkapunla  
DAT- Days after transplanting o araw pagkalipat-tanim  
\*Rekomendasyon kung walang analisis ng kulang na sustansiya sa lupa

Sanggunian:



Department of Agriculture  
BSWM • ATI • PhilRice • RFOs

